# ANG HIWAGA NG PRINSESANG NAKAUPO SA TASA

*by:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher III, St. Francis National High School*

Ano ang sagot sa bugtong na ito?

Isang prinsesa

Nakaupo sa tasa.

Makailang ulit na nagpasalin-salin sa maraming bata ang bugtong na ito. Kahit kanino yata itanong ang palaisipang ito'y alam na ang sagot dito'y kasoy.

Sa isang malalim na palagay, bakit kaya prinsesa ang analohiya ng kasoy sa bugtong? Bakit tasa? May pormula ba sa pagbuo ng isang "simpleng" palaisipang pambata? Ano ang hiwaga ng prinsesang nakaupo sa tasa? Sisikapin itong sagutin sa artikulong ito, kalakip ang pagtalakay sa bugtong bilang isang tula.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Una sa lahat, dapat munang malaman na mahigit sa isa ang hinihinging bilang ng taludtod sa pagbuo ng tradisyunal na pagtula. Ibig sabihin, gaya ng bugtong na isa ring tula ay sumusunod sa pangangailangang ito. Imposible naman kasing isang taludtod lang ang isang tula. Kaya nga ang mga tradisyunal na tulang Pilipino gaya ng salawikain, diona, dalit, at tanaga ay kapwa maiiksi ngunit hindi iisang taludtod lamang.

Pangalawa, marami ring bugtong na sinusunod ang tuntunin ng tugma gaya ng bugtong na ito na may tugmang pantigan tungkol sa kalendaryo:

Taon-taon nabubuhay,

Taon-taon namamatay.

Makikitang magkasintunog na magkasintunog ang panghuling katinig ng pinagtugmang mga taludtod ng nabasang bugtong. Samantala'y tugmaang patinig naman na kapwa may impit na malumi ang bugtong na ito tungkol sa pusa:

Matanda na ang nuno,

Hindi pa naliligo.

Kung batayang pagbabalangkas naman ng bugtong bilang tula ang pag-uusapan. Isinaalalang-alang din ang pagiging patimbang, pasuhay, o pasuysoy nito. Halimbawa, ang bugtong na nabasa tungkol sa kalendaryo ay may balangkas na patimbang dahil ang una at ikalawang taludtod ay may magkatimbang o magkalebel na ideya (ang una'y tungkol sa pagkabuhay at ang ikalawa nama'y sa kamatayan.) Pasuhay naman ang bugtong na nabasa tungkol sa pusa dahil ang ikalawang taludtod ang nagsisilbing suhay, suporta o dagdag na ideya sa unang taludtod (ang ikalawa'y dadag na paliwanag sa pangunahing paksa tungkol sa nuno na nasa unang taludtod.) Samatala'y pasuysoy naman (na posible sa mga apat na taludtod o higit pa) kung ang pang-apat na taludtod ang nagsisilbing kakalasan o buod ng kabuoan ng saknong.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngunit dapat ding maunawaaan na hindi limitado sa paimbabaw na sangkap gaya ng sukat, tugma at balangkas ang bugtong, mayroon pa itong mga mas malalim na sangkap na isinasaalang-alang; na ang bugtong ay hindi lamang isang maikling tula na palaisipan ngunit may namumukod na katangian. Kumbaga sa isang imprastraktura ay may batayang diwa.

Pangunahing layunin sa bugtong ay ipahula ang isang karaniwang bagay sa paraang nakapanlilito. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagwawangis. Ibig sabihin na ang ipinahuhulang sagot ay ikinukumpara sa ibang bagay. Pansinin ang bugtong na ito tungkol sa sili:

Isda ko sa Mariveles,

Nasa loob ang kaliskis.

Mapapansin na iwinangis ang sili sa ibang bagay, sa nabasang bugtong ay sa isda. Ngunit tiyak na malilito ang manghuhula nito dahil baka isipin na isa itong uri ng isda, ngunit ang totoo ay hindi. Ang pagwawangis ay hindi lamang basta pagkukumpara kundi nakatuon dapat sa tiyak na katangian ng pinahuhulang sagot sa bagay na ikinukumpara. Katulad ng nabasang bugtong tungkol sa sili ay nakatuon lamang sa buto nito na mistulang mga kaliskis ng isda, at hindi sa kabuoang katangian ng sili.

Isa pang halimbawa ang bugtong na ito tungkol sa alimango ( o alimasag, o talangka):

Ang bahay ni Ka Tale

Haligi'y bali-bali,

Ang bubong ay kawali

Ang loob ay pusali.

Makikitang iwinangis ang mga tiyak na bahagi ng alimango sa isang bahay, ang mga galamay nito sa haligi ng bahay, ang talukab sa bubong ng bahay, at ang laman ng alimango sa pusali. Ayon nga kay Almario (2017) na pagwawangis o pagwawangki sa bugtong ay hindi mahalaga ang pangkalahatang katangian ng bagay na ikinukumpara sa bagay na pinahuhulaan, kundi tiyak na katangian na ginagawang kakaiba o kakatwa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maliban sa pagwawangis, isa pang sangkap ng bugtong ay ang anomalya. Ang anomalya ay tumutukoy sa konseptong tumataliwas sa nakagawian nang alituntunin at batas ng siyensya at kalikasan. Posible ba na umupo ang isang tao sa tasa? Maari bang ang isang tao'y namamatay at nabubuhay rin taon-taon? Maari bang ang kaliskis ng isda ay nasa loob? May bahay bang ang bubong ay kawali? Ang mga ito ay kapwa kontra sa likas na kaayusan ng mga bagay sa daigdig.

Kaya nga kung susuriin ang bugtong na ito tungkol sa buwan:

Kinain na't naubos,

Nabubuo pang lubos.

Imposible itong mangyari, na kapag kinain ang isang pagkain ay hindi maubos-ubos bagkus ay muli pang nabubuo. Iyun pala'y buwan ang sagot sa bugtong na ito na kung minsan ay half-moon o kaya'y full-moon. Isa pang halimbawa na nagsasaad ng anomalya ay ang bugtong na ito tungkol sa aso. Ang alam kasi natin na kapag nakatayo ang isang tao ay mas mataas ito kumpara kapag ito ay nakaupo kontra sa nakasaad sa bugtong na ito:

Mataas kung nakaupo,

Mababa kung nakatayo.

Ang layunin ng paglalagay ng anomalya maliban sa malinlang ang manghuhula ay upang maging kakatwa ang binabalangkas na bugtong na sa gayon, mas magkakaroon ng interes ang marami sa patalasan ng isip na ito. Dahil dito, magkakaroon ng diwang katatawanan ang bugtong dahil sa tila baligtad na koseptong nakapaloob dito.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngunit hindi nakakahon sa pagiging "laro" ang bugtong. Mayroon kasing mga bugtong na naglalahad ng ginintuang-aral. Kumbaga'y may kagyat ng pagkasalawikain. Maaring ang isang bugtong ay nagtuturo ng aral sa buhay o mabuting bagay. Ibig sabihin, may mga bugtong din na may mensaheng may dakilang diwa sa mambabasa kagaya ng bugtong na ito tungkol sa palay:

Nang walang biring ginto

doon nagpapalalo,

Nang magkaginto-ginto

noon na nga sumuko.

Hinalintulad sa nabasang bugtong ang siklo ng buhay ng palay sa buhay ng tao. Kapag ang halamang-palay ay mura pa'y nakatindig ito, na sa paglao'y mamumunga't yuyuko. Sinasabing dapat na gayahin natin ang palay na yumuyuko kapag tumataas, na maging mapagkumbaba ang tao sa kabila ng mga natatanggap niyang pagpapala at pag-angat. Mahihinuha na ginagamit din ang bugtong ng mga Pilipino bilang instrumento upang magturo ng kagandahang asal sa mga salinlahi dahil sa kakayahan nitong magkarga ng ginintuang mensahe.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Dagdag pa, isang napakahalagang dokumento ang panitikang-oral ng lahing Pilipino gaya ng bugtong dahil ito ay may taglay na kultura at kasaysayan. Sabi nga ni Abueg (1999) na ang panitikan ng ating mga ninuno ay may kaisipan, damdamin, saloobin, bisyon at ang mga iyon ay masasalamin din sa kanilang katangian, karanasan at gawi. Kaya nga kung susurii ang bugtong na ito tungkol sa gata ng niyog:

Nagsaing si Hudas;

Kinuha ang hugas,

Tinapon ang bigas.

Masasalamin sa bugtong ang impluwensya ng Espanya sa panitikang Pilipino sang-ayon sa pagkaunawa nila kay Hudas gaya ng makikita sa Pasyon. Makikita rin ang pagkaalam ng mga Pilipino sa sistema ng pag-aani ng palay at bigas, at ang kaalaman nila sa wastong pagluluto nito.

Tradiyunal na larong-lahi ng mga Pilipino naman ang tampok na kultura ng bugtong na ito tungkol sa turumpo:

Kinalang ang balakas,

Sumayaw nang ilagapak.

Tulad ng iba pang panitikan, mababanaag sa bugtong ang paraan ng pamumuhay at pang-araw-araw na kilos sa lipunan ng mga sinaunang Pilipino sa bansa mula sa mga simpleng hanggang komplikado bagay, positibo o negatibo man, mga libangan, hanapbuhay, edukasyon, kalakalan, sistema ng pamahalaan, pag-uugali, paniniwala at marami pang iba.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang paghabi sa kayarian at nilalaman ng bugtong ay may taglay na rikit at disiplina. Mga ebidensya na ang mga sinaunang Pilipino ay may taglay na galing at talino. Ang husay na ito ay naisatitik at itinuro sa mga salinlahi. Sa pamamagitan nito ay nagkakaroon tayo ng pagkakataon na ipakilala ang ating angking talino at kakayahan.

Minsan pa'y magbasa ka ng bugtong at mapukaw sa hiwagang dala ng prinsesang nakaupo sa tasa.

*References:*

Almario, V. (2017). Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula. Manila:
Komisyon sa Wikang Filipino.

Abueg, E. R. (1999). Kasaysayang Oral: Ang "Kapisanang Panitikan," Ugat ng Makabagong
Panitikan sa Tagalog. MALAY, 15(2).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan